

Prologue

Napangiti si Tassy sa sarili sa panonood sa dalawa niyang masugid na manliligaw habang naghahanda ang mga ito sa bike race. Ideya niya iyon. Kung sino ang unang makarating kina Justin at Marlon sa finish line, iyon ang idi-date niya at magiging experimental na ka-steady for two weeks.

Kinakabahang sumulyap sa kanya si Shara, ang pinakamabait sa barkada nila. “T-Tass, huwag mo na lang kayang ituloy ang scheme na ito. Matarik ang place na ito, masyadong delikado.”

Tinapunan niya ito ng masamang tingin. “Will you shut up, Shara? Kung hindi mo ma-take, then leave. Just keep silent, okay? Nairita ako sa ‘yo, eh.”

Sumang-ayon ang tatlo pa niyang kabarkada. “This is going to be exciting,” sabi pa ni Maureen.

“That’s my Tassy,” nakangising bigkas naman ni Annabelle.

Si Niña naman ay ngingiti-ngiti lang, patingin-tingin sa dalawang binatilyong kanina pa nagsusulyapan nang masama sa isa’t isa.

Nasa isang liblib na bahagi sila ng kanilang bayan. Doon niya itinakda ang pagpapaligsahan ng dalawang

pinakamasugid niyang suitors.

“My goodness! I can’t believe you, guys,” napapabuntung-hiningang sabi ni Shara. Tinapunan nito ng naaawang tingin ang dalawang lalaki. Nang tumingin ito sa kanya, nang-uusig ang mga mata nito. Pinaikot nito ang eyeballs at saka muling bumuntung-hininga; mas malalim this time. “I can’t believe we’re friends.”

Palagi nitong sinasabi iyon. May pagkamaldita raw kasi siya samantalang ito ay saksakan ng bait at conservative. Katuwiran ni Tassy, may ‘K’ naman siyang maging maldita. Beauty na, brains pa. At kaisa-isa siyang apo ng governor ng kanilang lalawigan. Sina Maureen, Annabelle at Niña, plain na kabarkada lamang talaga para sa kanya ang mga ito. Iba ang kaso ni Shara. Ito lang ang ‘nagtiyaga’ sa kanya from the very beginning hanggang ngayon na magtatapos na sila sa high school. For that, grateful siya sa kaibigan, kahit magkaminsan ay pinagsusungitan siya nito. Gaya nang mga sandaling iyon.

Hindi na lang niya ito pinansin. Iniabot niya kay Niña ang pellet gun at isinenyas dito na paputukin na iyon bilang hudyat ng simula ng race. Itinutok nito ang toy gun sa itaas at sa pagputok niyon, nagsimula ang karera sa pagitan nina Justin at Marlon. Siya naman ay pumasok na sa loob ng kotse niya at saka bored na pinatunog ang car stereo.


Paikut-ikot lamang ang bisikleta ng dalawa sa open field na iyon. Dahil malapit sa ilog, medyo matarik ang naturang lugar. Nagsisigawan pa ang kanyang mga kaibigan maliban kay Shara na nakasimangot pa rin nang mag-iba ang tono ng sigaw ng tatlo. May dread sa boses ng mga ito.

Napalabas ng sasakyan si Tassy upang mag-usyoso. At natutop niya ang bibig nang matanaw ang duguang katawan ni Marlon sa pagkakalugmok niyon

sa mababang bahagi ng field. Nakadagan dito ang bisikleta nito.

Ilang oras matapos itong maitakbo sa ospital ng mga sumaklolo sa kanila, nalagutan ng hininga ang binatilyo. Nagkaroon ito ng internal hemorrhage dahil sa pagkakabagok ng ulo sa binagsakang malaking bato.





Kakaiba ang kaba ni Taciana Roldan habang tinatalunton ng kinalululanan niyang kotse ang pamilyar na kalsadang iyon. After almost ten years mula nang magtungo siya sa States, halos walang ipinagbago ang Brgy. Santo Cristo. Samu't saring emosyon ang lumukob sa kanya nang mga sandaling iyon.

Here comes the ghost again, ninenerbyos na sabi niya sa isip. Sampung taon na ang nakakaraan pero ayaw pa rin siyang patahimikin ng alaalang iyon. Alaala ng kanyang kasamaan noong kabataan niya.

Mas lalo pang binayo ng kaba ang kanyang dibdib nang mapadaan sa isang malaking bahay na kilalang-kilala niya. Napapikit siya.

“Hija, are you all right?” untag sa kanya ni Tita Suena. Matandang dalaga ito at kaisa-isang kapatid ng daddy niya.

Huminga siya nang malalim. “Y-yeah, Tita. I think I’m just... tired.”

Mataman siya nitong tinitigan. “He’s haunting you, right?” sabi nito. “Marlon.”

Natigilan siya, pagkuwa’y tumango nang sunud-

sunod. "H-has his mother... forgiven me?"

Nagulat ang may-edad na babae. "You didn't know?"

Napatingin siya rito. "Didn't know what?"

"Patay na si Mrs. Macalalad."

Hindi niya malaman kung ano ang magiging reaction sa narinig.

"She died six years ago."

"She had never quite forgiven me, right?" mapakla ang tinig na bigkas ni Tassy.

Nagkibit-balikat ito. "Who would know?"

Nanahimik na lamang siya at nanatiling nakapikit nang mariin hanggang sa makarating sila sa villa na pag-aari ng kanyang lolo.



Kanino kaya ang ranch house na iyon?

Karga ang tutang ibinigay sa kanya ng Lolo Arnulfo niya, nangahas tumawid si Tassy sa ilalim ng linyang alambre na naghihiwalay sa property ng kanyang abuelo at ang kinatitirikan ng ranch house na iyon. Nilakad-takbo niya ang paglapit doon dahil sa matinding sikat ng araw. Nang malapit na siya sa gate na kahoy, napakapit siya sa isang poste niyon para habulin ang hininga. Hindi niya kaagad nahabol ang tuta nang mabilis itong tumakbo pagkaalpas sa kanyang mga bisig. Hinabol na lang niya ito ng tanaw hanggang sa mawala ito sa kanyang paningin nang pumasok ito sa loob ng ranch house.

Nang maging normal na muli ang kanyang paghinga, saka siya pumasok sa tarangkahan. May mga kabayong nagsisipaglakad sa paligid at habang lumalapit sa bahay, malawak ang kanyang ngiti sa pagmamasid sa mga iyon.

Nakalingingon pa siya sa mga nalampasang kabayo habang patuloy sa paglalakad nang may mabunggo siya. Awtomatiko siyang napatingala nang maamoy

ang suwabeng aftershave ng nabunggo niya. Hindi niya maintindihan ngunit bigla siyang namula nang salubungin ng kanyang mga mata ang matalim na tingin ng guwapong lalaking iyon. Mabilis siyang napatungo.

“This must be your pet,” sabi nito sa baritonong tinig.

Nang tapunan ito ng tingin ni Tassy, iniaabot na nito sa kanya ang brown na tuta na nagmukhang bubuli sa laki ng kamay nito. Ngumiti siya at saka inabot ang hayop. “Y-yes, it’s mine. Thanks.”

Hinintay niyang magsalitag muli ang lalaki subalit nabigo siya. *He’s not very friendly*, naisip niya. Tiningnan niya itong muli at saka nginitian.

For the second time, hindi nito ginantihan ang kanyang amiability.

Napasimangot na siya. *Savage*, yamot na naisaloob niya. “Nice horses you’ve got here,” pigil ang yamot na sabi na lang niya, sabay talikod. Naglalakad na siya pabalik sa dinaanan niya kanina nang mapasigaw siya kasabay ng pagsugod ng isang malaking aso sa kanilang dalawa ng kanyang Pekingese. Out of nowhere, basta na lamang iyong sumalakay.

“Stalin, stop!” dinig niyang sigaw ng supladong lalaki, sabay higit sa kanya. Ikinulong siya nito sa matitipuno nitong bisig upang protektahan sila ng kanyang alaga sa malaking German Rottweiler. “I said, stop!”

Napasigaw na siya kasabay ang pag-iyak nang lumakas pang lalo ang pag-angil ng aso. Sa panlalambot, nabitiwan niya ang kanyang tuta na walang takot na kumaripas ng takbo palapit sa malaking aso.

Napapikit na lamang siya nang makita ang pagtilamsik ng dugo ng kawawang tuta habang nilalapa ito ng Rottweiler. Maging ang lalaking

nakayakap sa kanya ay nanghilakbot. Natigilan din ito, awang ang bibig sa kabiglaanan.

Nanlupaypay siya sa dibdib nito. Hindi na niya namalayan nang buhatin siya nito papasok sa loob ng ranch house.



Napangiti si Tassy nang maalimpungatan at maramdaman ang mabining paghaplos sa kanyang pisngi. Ngunit kaagad din naman siyang napasimangot sa pagkakapikit nang biglang tumigil ang paghaplos. Gusto niyang magpatuloy iyon. Naghintay pa siya. Nang hindi na iyon naulit, tuluyan na niyang idinilat ang mga mata.

Tumambad sa kanya ang guwapo bagaman mabangis ang ekspresyong mukha ng masungit na kapitbahay ng kanyang lolo. Napairap siya nang di-sinasadya kasunod ang pagbalikwas pagkaalala sa kanyang tuta. “My puppy!” malakas na sambit niya. “Where’s my little puppy?”

“My brother, where’s my little brother...” dinig niyang bigkas nito sa sarkastiko bagaman mahinang tinig.

Hindi na lang niya iyon pinagtuunan ng pansin. Tuluyan na siyang tumayo at nagulat nang makita ang di-pamilyar na paligid. “Where am I?”

Tumayo muna ang lalaki bago sumagot. “In my room.”

“In your... what!” bulalas ni Tassy. Inilibot niya ang paningin sa kabuuan ng silid. “W-what happened?” pagkuwa’y naguguluhang tanong niya.

“You fainted.”

Napakunot-noo siya saglit at saka tumango. “Yeah, I remember. Now, nasaan ang tuta ko?”

“Dead,” bale-walang tugon nito, sabay kibit ng balikat.

Nakaramdam siya ng panghihina. Pabagsak siyang

naupo sa kama.

Namayani ang katahimikan sa pagitan nila.

Mayamaya ay tumayo na siya. "I must be leaving, baka hinahanap na ako ni Lolo Arnulfo."

"So I was I right," sabi nito sa malamig na tinig. "Ikaw si Tassy."

Napatingin siya rito.

"It's my pleasure to finally meet you, Miss Roldan," anito sa makahulugang tinig. May kung anong emosyon na naglalaro sa malamlam na mga mata nito.

Tumango na lamang siya at saka hinawakan ang seradura. "I really must go, Mr...?" Napalingon siya, bahagyang nakakunot-noo.

"Fuenteverriaz," tugon nito na bahagyang nakangiti ang bibig ngunit expressionless ang mga mata. "Wilfrid Fuenteverriaz. Call me 'Wil.'"

"Wil, then," nakakibit-balikat na turan niya. "Nice meeting you, Wil." Pagkasabi niyon ay binuksan na niya ang pinto at biglang natigilan nang may maalala. Lumingon siya. "Gaano katagal akong unconscious, Mr. Fuenteverriaz?"

Tumingin ang lalaki sa digital alarm clock na nasa side table. "Hmm... about three hours, I guess," tugon nito. "I thought we agreed that you should just call me *Wil?*"

Nanlaki ang mga mata ni Tassy, hindi na nag-register sa utak niya ang huling pangungusap nito. "Three hours? Oh, my God! They must be worried sick about me by now."

"You sleep like a log, Miss Roldan..."

Nang makita niya ang ngiti sa bibig nito—kinumpirma ng mga mata nito ang authenticity ng ngiting iyon—may kung anong emosyon na sumalakay sa kanyang dibdib. Kiming napangiti rin siya, sabay haplos sa pinamumulahang mga pisngi.

Gusto niyang pagalitan ang sarili. Isang ngiti lang, halos matunaw na siya. Hindi siya normally ganoon

kababaw. Naisip tuloy niya, may sa engkanto yata ang lalaking ito. O baka ginayuma siya.



Oh, no! yamot na sita ni Wil sa sarili. Don't get carried away by that angelic smile. That deceiving, beguiling smile....

Gusto niyang manlambot sa epekto sa kanya ng presensya ng babaeng ito. Isang ngiti lang nito, bumibigay na ang lahat ng defenses niya.

Para tuloy hindi siya makapaniwala na ito si Tassy Roldan, ang babaeng pumatay sa kanyang half-brother na si Marlon ten years ago. Oo nga't hindi direktang ito ang pumatay sa kaisa-isa niyang kapatid ngunit ganoon na rin ang effect niyon. Masasabi pa ngang ito rin ang nagpaiksi sa buhay ng kanyang mama.

Nasa Zamboanga siya noon, sa probinsya ng kanyang yumaong ama. Katatapos pa lamang niya sa kolehiyo nang pahawakin na si Wil ng kanyang paternal grandfather ng responsibilidad na dapat ay sa kanyang ama. Mahina na noon ang kanyang lolo at wala na ito halos kakayahang mamalakad ng mga negosyo nito. Siya, sa gulang na dalawampu't isa at sa gabay ng matanda, ang nagpatakbo ng mga negosyo nito sa Zamboanga.

Three months old pa lang siya nang mamatay sa diabetes ang kanyang ama. Three years later, nag-asawang muli ang mama niya. Five years old siya nang isilang si Marlon. They were very close at nagkahiwalay lang sila nang lumipat sa probinsya ng kanyang stepfather ang mag-anak. Naiwan siya sa Maynila upang doon tapusin ang pag-aaral, pagkatapos ay pumunta siya sa kanyang abuelo sa Zamboanga.

Nang malaman ni Wil ang nangyari sa kapatid, halos handa siyang pumatay upang paghigantihan ang kung sinumang may sala sa pagkamatay nito. Hindi niya inasahan na isa palang dalagita ang dahilan

niyon. Two months pagkasawi ni Marlon, nabalitaan niyang lumipad patungong Amerika si Tassy Roldan, ang spoiled na unica nieta ng gobernador ng Nueva Ecija. Doon daw ito magkokolehiyo.

“I’ll get back at you someday, Tassy Roldan,” natatandaan niyang pangako niya sa sarili. *“You’ll regret the day you meet me!”* Sigurado siya na isang araw, magkukrus ang kanilang mga landas.

Ipinadala siya ng kanyang lolo sa Amerika upang doon mag-pursue ng MBA. Pagbalik ni Wil, dalawang dagok sa buhay ang nalasap niya—ang pagbagsak ng mga negosyo ng lolo niya dahil sa katiwalian ng sarili nitong mga kamag-anak at ang pagkamatay ng kanyang mama. It had been four years then since his brother’s death pero dala-dala pa rin niya sa dibdib ang poot. Namatay ang kanyang mama sa labis na dalamhati sa maagang kamatayan ng bunsong anak. That was when he decided to come to Nueva Ecija.

Sa liblib na barangay ng Santo Cristo, bumili siya ng ilang ektaryang lupa. Sa katabing-katabi mismo ng villa ng dating gobernador na naparalisa nang atakihin sa puso at sa dinig niya mula sa mag-asawang katiwala ng kanyang ranch house, may cancer di-umano ito. Iyon nga raw ang dahilan kaya napauwi sa Pilipinas ang kaisa-isang apo.

May mga negosyo pa rin naman ang kanyang lolo na naisalba niya, at ang mga iyon ang pinagkakaabalahan ni Wil sa Maynila. Ang kanyang stepfather ay nag-migrate na sa Amerika at ngayon ay may bago nang pamilya roon. Ang nakatira sa tahananang naiwan nito ay ang pamilya ng nakababatang kapatid.

Ngayong kaharap na niya ang babaeng hindi pa man niya nakikita noon ay labis na niyang kinapootan, nabulabog ang dati ay steady emotions niya. Para tuloy nauunawaan na niya ngayon ang naging damdamin ni Marlon noon.

Ah, ganito ba katindi ang alindog ng babaeng ito? Hinagod niya ng tingin si Tassy. Maganda nga ito, maganda rin ang hubog ng katawan, kay kinis ng kutis, kay lambot ng katawang nadama niya kanina. At kay bango.

Napukaw siya ng pagbagsak ng pinto ng kanyang silid. Nakalabas na ang babae nang hindi niya namalayan.

“Oh, goddammit!” frustrated na naisambulat niya, sabay bayo ng kuyom na kamay sa unang ginamit ng dalaga.


Nakapikit pa si Wil nang mariin nang biglang bumukas ang pinto.

“I... I can't go out alone,” mahinang saad nito, bahagyang nakayuko. “Your dog is at the terrace.”

Marahan siyang tumayo at madilim ang mukhang lumapit sa pinto. Walang imik na lumabas siya.

Napakunot-noo naman si Tassy. Naguguluhan man sa dagliang pagbabago ng mood ng binata, wala na itong nagawa kundi sundan siya sa paglabas ng bahay.





Nasa terrace na si Nathan at umiinom ng kape nang tawagin siya ng socialite na si Georgina Muñoz. Lumingon siya upang tingnan ito. Nakatapi ito ng tuwalya at katatapos lang mag-shower. Ang binata naman ay nakasuot lamang ng pajama bottom. He sneered when she discarded the towel in front of him, exposing her naked body. They just had sex at wala na siyang gana. Pumasok siya sa loob ng silid ngunit hindi lumapit sa babae. Sa halip, may kinuha siyang papel sa ibabaw ng TV at iniabot dito.

Titig na titig si Georgina sa tsekeng ibinigay ng binata.

“Ano’ng ibig sabihin nito, Nathan?”

“You know what that means, Georgie,” patamad na sagot niya, akmang lalabas uli ng terrace. Umahon ang galit sa puso ng dalaga. Walang dudang tinatapos na ni Nathan ang relasyon nila at ang tseke ay bayad sa lahat ng serbisyo nito.

“At sa akala mo ba’y tatanggapin ko ito? Hindi ako papayag na basta mo na lamang ako itapon nang ganito! After what I’ve done for you? You can’t treat

me like this!” nanggigil na bulalas nito. Natigilan ang lalaki at muling lumingon sa kausap. Ibinaba niya ang tasa ng kape sa corner table.

Sa halip na maalarma ay tumawa pa siya. “Come on, Georgie. You know this fling won’t last so cut the dramatics. Huwag mong pababain pang lalo ang sarili mo. Hindi mo gugustuhing marinig ang lahat ng nalalaman ko tungkol sa iyo.”

“W-what do you mean?” Biglang kinabahan ang dalaga.

“That you’ve been screwing other men while having a relationship with me, among other things,” kaswal niyang sinabi.

“Why, you...!”

“And if I were you, I’d think twice before I tear that check,” seryosong sabi niya na marahil ay nabasa ang nasa isip nito. “I won’t write you another one, Georgina.” May pagbabanta sa kanyang tinig.

Napatitig si Georgina sa tseke. It was a big amount. Ang salaping nakukuha niya sa ibang mga lalaking nakarelasyon niya ay barya lamang kumpara sa ibinigay ng binata. Malaking katangahan nga kung pupunitin lamang niya iyon.

“Damn you, Nathan!” she cursed him weakly. Nathan smiled, knowing that he’d finally gotten rid of her.

“Look at the bright side, Georgie. You’re half a million richer, and now you don’t have to be discreet with your other affairs.” Nanlilisik ang mga matang tinitigan siya ng babae. Nang hindi ito kumibo ay nagpatuloy siya, “I’m taking a shower. You know your way out.” Bale-walang hinubad ni Nathan ang suot na pajama bottom at pumasok sa banyo.

Naiwang nagngingitngit pa rin ang dalaga. Pero wala rin itong magagawa. It was always on his terms even from the start. No commitment. Nathan was a

heartless womanizer.



“Good afternoon, mga ka-chiz. Narito na naman po tayo sa nag-iisang showbiz intrigahan ng bayan!” masiglang bungad ng baklang host ng *Chizmitera*, isang panghapong showbiz talk show.

“Good afternoon din sa iyo, chizter. Naku! Alam mo bang mainit na mainit ang hapong ito dahil sa mga nagbabagang intriga na isa-isang lalinawin sa atin ng ating mga guest celebrities!” sagot naman ng babaeng co-host nito.

“Correct ka diyan, chizter! Nakakaloka ang mga headlines natin ngayon!”

“Oo nga. Kaya bago pa tayo tuluyang maloka sa suspense, umpisahan na natin ang intrigahan. Roll VTR please.”

Sa backstage, habang pinapalabas ang VTR ay tahimik na naghihintay ng kanyang cue si Vielle. Isa siyang commercial and ramp model who had been tagged as a flirt and a high-class whore. Iyon ay ayon sa mga personalidad na alam niyang nasagasaan niya, o kung hindi man ay mga taong naiinggit sa kasikatang tinatamasa niya, kung kasikatan ngang matatawag ang sunud-sunod na intrigang ibinabato sa kanya.

Ngayon nga ay kailangan niyang magpaliwanag tungkol sa napapabalitang relasyon niya sa isang pamilyadong vice mayor. Mapait ang ngiting sumilay sa kanyang mga labi. It was true that she had been purposely flirting with men in high stature. Pero hindi dahil gusto niya kundi kailangan. It was her way of surviving the world she had gotten into.

Narinig niyang muling nagsalita ang dalawang hosts at humingi ng commercial break. She sighed. Siya ang unang tatawagin at isasalang sa hot seat.

“Are you all right?” pukaw ni Agatha na nakatayo sa kanyang likuran. Ito ang manager niya.

“Yes,” matipid niyang sagot.

“You don’t have to admit anything,” paalala nito.

Lihim na napangiti si Vielle. Hindi sila malapit sa isa’t isa ng manager at purely professional lamang ang relasyon nila. Wala siyang gaanong nalalaman tungkol sa babae maliban sa isa itong respetadong talent manager. Hindi kasi ito nagkukuwento ng tungkol sa personal nitong buhay. Agatha was always cold and distant. Ngunit kailanma’y hindi siya pinabayaang nito. At sa kaibuturan ng kanyang puso, batid niyang mapapagkatiwalaan niya ito.

“I know what I’m doing, Agatha. Salamat sa paalala.” A hint of concern could be seen on the older woman’s face. Ngunit kaagad din nitong naitago iyon. Hindi na ito nagsalita. Ngumiti siya upang maibsan ang pag-aalala nito.

Muli niyang narinig ang tinig ng dalawang hosts. Ilang sandali pa’y tinawag na ang kanyang pangalan. Huminga siya nang malalim at sandaling sinipat ang sarili.

“This is it. Wish me luck,” sabi niya sa manager bago lumabas. Sinundan na lamang siya nito ng tingin.

On cue, Vielle entered the stage wearing a floral haltered top and a tight miniskirt. Dalawang pulgada ang taas ng takong ng suot niyang sapatos dahilang upang lalo pa siyang magmukhang matangkad sa taas niyang 5’8”. Matapos makipag-cheek to cheek sa dalawang hosts ay naupo siya sa mababang settee. Alam niyang pagpipiyestahan ng mga tao sa studio at ng mga manonood ang kanyang makikinis na hita na nahantad sa maikling palda na suot niya. Sinikap na lamang niyang huwag ipahalata ang pagkailang. It was her job to flaunt her physical assets. Doon siya kumikita.



Nathan pressed the mute button on the remote

control. Naiinis siya sa may kabastusang pagtatanong ng dalawang hosts ng showbiz talk show na pinapanood niya. Naiinis din siya na hindi man lamang pinasubalian ng dalagang guest celebrity ang mga intriga rito, bagaman hindi rin ito tuwirang umamin. Hindi rin niya maintindihan kung bakit masyado siyang apektado sa mga nangyayari sa buhay ng dalaga.

Naroon siya sa penthouse ng fifteen-storey building na pag-aari niya, which also housed his advertising company. Alas tres pa lamang ng hapon at may opisina pa. Gusto lamang niyang magpahinga sandali kaya siya naroon. He was flipping through the channels when he spotted Vielle's interview. He decided to watch for a while.

She was really beautiful, with an innocent face that could be mistaken for an angel and a body fit for a goddess. Kayumanggi ang kulay ng dalaga ngunit halatang makinis ang balat nito. But what intrigued him the most were her eyes. There seemed to be an emptiness lurking behind those thick long lashes. Even when she smiled, her eyes were mysteriously lonely, na para bang hindi nito ikinatutuwa ang ginagawa. And her eyes were familiar. As if he had looked into those depths before. Pilit niyang inalala kung saan ito nakilala. He closed his eyes and leaned back on the couch. Kailan nga ba nag-umpisa ang pagkahumaling niya sa dalaga?

When his grandfather died five months ago, napilitan siyang umuwi ng Pilipinas para pamahalaan ang mga negosyo ng pamilya. Una niyang nakita si Vielle sa front cover ng isang men's magazine. She was leaning against the wall, her naked form draped only in thin satin sheets. With her head slightly tilted, her eyes half-closed and her mouth partly open na para bang naghihintay ng isang halik mula sa kasuyo. The picture she portrayed was very erotic. He was mesmerized by

her beauty at magmula noon ay palihim na niyang sinubaybayan ang mga pangyayari sa buhay nito.

He sighed and looked at the ceiling. A multi-millionaire at thirty-two, he was one of the richest, most sought-after bachelor in town. Being a real estate magnate and the owner of a prestigious advertising company as well as chains of five-star hotels, he could have any woman he wanted. Mga babaeng kabilang sa mundong ginagalawan niya. So why the hell was he lusting after some model who had nothing but a pretty face and a delectable body? But he really does.

Muli siyang tumutok sa TV. Hindi pa rin tapos ang interview kay Vielle. Kahit saang anggulo ay wala siyang makitang kapintasan dito. She was wearing an outfit exposing skin, enough to stir any man's fantasy. And indeed, he could feel something stir in between his legs! He cursed silently and turned off the television. Now he really needed a cold shower!

